**HANGO SA KATITIKAN NG IKA-18 NA PANGKARANIWANG PAGPUPULONG NG IKA-11 SANGGUNIANG BAYAN NA GINANAP NOONG IKA-3 NG NOBYEMBRE, 2022 SA BULWAGANG HEN. GREGORIO DEL PILAR, PAMAHALAANG BAYAN, BULAKAN, BULACAN.**

**MGA DUMALO:**

Igg. Atty. Reina Rica C. Sanchez ------------ Pangalawang Punong Bayan
Tagapangulo ng Hapag

**MGA KAGAWAD**

| | |
|---|---|
| Igg. Aubrhie Cindyrelle D. Carpio | Igg. Bienvenido M. Cruz Jr. |
| Igg. Jose Antonio V. Lava | Igg. Atty. Ana Marie V. Pagsibigan |
| Igg. Aron Ronald R. Cruz | Igg. Rchie E. San Jose |
| Igg. Marbin J. Garcia | Igg. Michael M. Ramos (ABC) |
| Igg. Christopher Aron C. Del Rosario | Igg. Miguel Leonardo (SK) |

**LAHAT AY NAKADALO**

## KAPASIYAHANG BAYAN BLG. 55 - 2022

**"KAPASIYAHANG BAYAN NA HUMIHILING KAY SENADOR CHRISTOPHER LAWRENCE TESORO GO, TAGAPANGULO NG "COMMITTEE ON HEALTH AND DEMOGRAPHY" NG 19TH CONGRESS, NA MAPAG-ARALAN ANG PAGSASAGAWA AT PAGKAKAROON NG ISANG BATAS O POLISIYA NA TATALAKAY AT MAGREREGULA SA "RETURN AND/OR EXCHANGE POLICY" NG MGA GAMOT, VITAMINS AT IBA PANG KAHALINTULAD NITO NA HINDI SENSITIBO AT HINDI NANGANGAILANGAN NG SPECIAL STORAGE"**

May Akda : Igg. Atty. Reina Rica C. Sanchez

**SAPAGKAT,** napag-alaman sa isinagawang Committee Hearing noong Oktubre 20, 2022 sa pagitan ng Committee on Health ng 11$^{th}$ Sangguniang Bayan ng Bulakan kasama ang Mercury Drug Corporation at Department of Trade and Industry – Bulacan, na hindi malinaw ang polisiya na umiiral sa "return and/or exchange policy" ng mga drug stores sa bansa partikular ng Mercury Drug Store na nakabase sa RA 7394 o 'Consumer Act of the Philippines', at RA 10918 o mas kilala bilang 'The Philippine Pharmacy Act';

**SAPAGKAT,** base sa nakaraang pagpupulong, ang Mercury Drug Store ay naglabas ng bagong polisiya kung saan kanilang isinaad na ang kanila na lamang tatanggapin buhat sa mga mamimili at papayagang palitan ay mga "defective" na gamot at medical devises na kanila ring binebenta;

**SAPAGKAT,** batid ng Lupon na ang salitang "defective" ay madaling iapply sa mga medical devises at kagamitan sapagkat madaling madetermina na ang mga ito ay hindi gumagana na pagkakamali ng tagapagtustos o ng tagagawa;

**SAPAGKAT,** ang salitang "defective" ay mahirap makita o patunayan pagdating sa mga gamot, vitamins at iba pang kahalintulad nito na hindi naman nangangailangan ng "special storage" kung kaya't ang mga mamimili ay maaring hindi na magkaroon pa ng pagkakataon na maitama ang kanilang bibilhin kung sila man ay magkakamali sa pagbili;

**SAPAGKAT,** napag-alaman ng Komite na karamihan sa mga nangangailangan ng gamot ay mga Senior Citizens, PWDs at ilang mga kababayan natin na hindi marunog bumasa at sumulat, kung kaya't kadalasan, sa dami ng mga gamot at maintenance medicines na kailangan, ay nagkakaroon na ng pagkakapalit-palit ng reseta;

**SAPAGKAT,** sa opinyon ng Lupon, ang nasabing polisiya ay lubhang makakaapekto ng malaki lalo na sa mga mahihirap nating Kababayan na iniraraos at gumagawa ng kung ano-anong pamamaraan para lamang makabili ng gamot;

**SAPAGKAT,** kung ang nasabing polisiya ay patuloy na iiral, marami sa ating mga Kababayan ang malamang hindi na makabili ng kinakailangang gamot sa takdang oras dahilan na rin sa katotohanan na kung hindi kulang, ay eksaktong ksakto lamang ang kanilang pera para dito;

**SAPAGKAT,** naiintindihan ng Komite na sensitibo ang mga gamot at ilan sa mga ito ay naidedeklara nang "losses" ng kumpanya at hindi na naibabalik pa sa mga tagatustos at tagagawa. Ngunit, nabatid rin ng Komite na hindi lahat ng gamot ay sensitibo at karamihan ay nangangailangan lamang na mailagay sa lalagyan o silid na may temperatura na 20-25°C o *"room temperature"*.

**SAPAGKAT,** batid ng Komite na bagama't maaaring bumalangkas ang sariling Ordinansa para sa aming Bayan, ang nasabing problema ay hindi lamang problema ng Bulakan, kundi ng lahat ng mga mamimili dahil ang polisiya ay umiiral sa buong bansa. Kung kaya't nararapat lamang na mabisita ang nasabing polisiya at lumikha ng bagong batas kung kinakailangan na magbibigay ng regulasyon na partikular na tutukoy lamang sa mga gamot, vitamins at iba pang kahalintulad nito para sa kapakinabangan ng maraming Pilipino lalo na ng mga mahihirap at walang kakayanan nating mga Kababayan;

**SA MUNGKAHI,** ni Igg. Rchie E. San Jose, na pinangalawahan at pinagtibay ng lahat ng mga Kagawad na dumalo;

**IPINASIYA,** Tulad Ng Dito'y Ginagawang Pagpapasiya Ang Pag-hiling Kay Senador Christopher Lawrence Tesoro Go, Tagapangulo Ng "Committee On Health And Demography" Ng 19th Congress, Na Mapag-Aralan Ang Pagsasagawa At Pagkakaroon Ng Isang Batas O Polisiya Na Tatalakay At Magreregula Sa "Return And/Or Exchange Policy" Ng Mga Gamot, Vitamins At Iba Pang Kahalintulad Nito Na Hindi Sensitibo At Hindi Nangangailangan Ng Special Storage"

**PINAGTIBAY.**

Pinatutunayan ko na ang natititik sa itaas nito ay pinagtibay ng Sangguniang Bayan ng Bulakan.

**JEFF C. TANSINSIN**
Kalihim ng Sangguniang Bayan

**PAGPAPATUNAY:**

**Atty. REINA RICA C. SANCHEZ**
Pangalawang Punong Bayan
Tagapangulo ng Hapag

**PINAGTIBAY:**

**AUBRHIE CINDYRELLE D. CARPIO**
Kagawad

**ARON RONALD R. CRUZ**
Kagawad

**CHRISTOPHER ARON C. DEL ROSARIO**
Kagawad

**Atty. ANA MARIE V. PAGSIBIGAN**
Kagawad

**MICHAEL M. RAMOS**
Kagawad (Ex-Officio-ABC)

**JOSE ANTONIO V. LAVA**
Kagawad

**MARBIN J. GARCIA**
Kagawad

**BIENVENIDO M. CRUZ JR.**
Kagawad

**RCHIE E. SAN JOSE**
Kagawad

**MIGUEL LEONARDO**
Kagawad (Ex-Officio-SK)

**PINAGTIBAY at NILAGDAAN:**

**VERGEL C. MENESES**
Punong Bayan
07-11-22